

Pangalan: \_\_\_\_\_

*Ms. Olt*

## Basahin at Unawain

# Magsasaka

Ang magsasaka ay gumigising nang maaga. Nagtatanim siya ng palay at gulay sa bukid. Dinidiligan ang mga halaman upang lumaki nang maayos. Inaalagaan niya ang lupa at ang mga pananim. Dahil sa magsasaka, may pagkain ang mga tao.



### Mga Tanong:

1. Sino ang gumigising nang maaga?

\_\_\_\_\_

2. Ano ang itinatanim ng magsasaka?

\_\_\_\_\_

3. Bakit dinidiligan ang mga halaman?

\_\_\_\_\_

4. Ano ang inaalagaan ng magsasaka?

\_\_\_\_\_

5. Bakit mahalaga ang magsasaka?

\_\_\_\_\_ + \_\_\_\_\_

Pangalan: \_\_\_\_\_

*Ms. Oti*

## Basahin at Unawain

# Mangingisda

Ang mangingisda ay pumapalaot sa dagat. Gumagamit siya ng bangka at lambat. Nanghuhuli siya ng isda para sa pagkain. Inuuwi niya ang huli sa pamilihan. Maraming tao ang nabubusog dahil sa mangingisda.



## Mga Tanong:

1. Saan pumupunta ang mangingisda?

---

2. Ano ang gamit niya sa pangisingisda?

---

3. Ano ang kanyang hinuhuli?

---

4. Saan dinadala ang mga isda?

---

5. Mahalaga ba ang mga mangingisda?

---

Pangalan: \_\_\_\_\_

*Ms. Olt*

## Basahin at Unawain

# Tubero

Ang tubero ay nag-aayos ng sirang tubo. Gumagamit siya ng mga iba't-ibang kasangkapan tulad ng tubo. Inaayos niya ang tumutulong gripo. Tinitiyak niya na maayos ang daloy ng tubig. Dahil sa tubero, may malinis na tubig sa bahay.



### Mga Tanong:

1. Ano ang inaayos ng tubero?

---

2. Ano ang gamit niya sa trabaho?

---

3. Ano ang problema sa gripo?

---

4. Ano ang tinitiyak ng tubero?

---

5. Bakit mahalaga ang tubero?

---

Pangalan: \_\_\_\_\_

*Ms. Olt*

## Basahin at Unawain

# Karpintero

Ang karpintero ay gumagawa ng bahay at kasangkapan. Gumagamit siya ng martilyo at lagari. Maingat niyang pinuputol ang kahoy. Binubuo niya ang matibay na istruktura. Dahil sa karpintero, may matitirhan ang mga tao.



### Mga Tanong:

1. Ano ang ginagawa ng karpintero?

2. Ano ang mga gamit niya?

3. Ano ang pinuputol niya?

4. Ano ang binubuo ng karpintero?

5. Paano nakakatulong ang karpintero?